# Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa
Revised March 20, 2020

## 802. Ang Gospel Preacher

Dalawang Greek words ang translated sa salitang preach. Ang isa ay ang mag- announce ng good news to the public; ang gospel ang subject o paksa ng balita. At ang isa naman ay to proclaim the good news to the public; ang object o dinadalhan ng balita ay ang public.

Mahalaga sa buhay ng bawat mananampalataya na pag-aralang mabuti ang Romans 10:11-17. Ang Scripture passage na ito ay maiging memoryahin. Hindi dapat isugo ang isang magpapahayag ng gospel na hindi nakauunawa ng lawak at lalim ng mga sumusunod na katotohanan patungkol sa evangelism:

1. Kung sino man ang magtiwala sa Diyos ay hindi mapapahiya,
2. ang lahat nang tatawag sa pangalan ni Jesus ay maliligtas,
3. ang lahat nang magtitiwala kay Jesus ay tatawag sa Kanya,
4. hindi maniniwala ang sino man kay Jesus kung hindi pa nakaririnig ng tungkol sa Kanya,
5. hindi maririnig ang patungkol kay Jesus kung walang magbabahagi ng mabuting balita,
6. hindi makapagbabahagi ang mga preachers ng gospel kung hindi sila isusugo, at
7. ang pagtitiwala sa Diyos ay nagmumula sa pagdinig ng mensahe ng kaligtasan at ang mensaheng ito ay naririnig sa mga salita ni Cristo.

Samakatuwid, ang mensaheng ina-announce ng mga evangelist-preachers ay ang mabuting balita ng kaligtasan para sa sinumang tumatawag sa Diyos at magtitiwala sa salita ni Cristo.

Sa John 5:24 sinabi ni Cristo ang ganito: *Katotohanan itong sinasabi Ko, kung sinumang makarinig ng Aking salita at maniwala sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan at hindi na mahahatulan; nakatawid na siya mula sa kamatayan tungo sa buhay*.

Sa John 11:25 sinabi naman ni Jesus ang ganito: *Ako ang pagkabuhay muli at ang buhay. Siya na maniniwala sa Akin ay mabubuhay kahit na siya ay mamatay; at ang sinumang nabubuhay at nagtitiwala sa Akin ay hindi kailanman mamamatay. Naniniwala ka ba rito?*

At sa Matthew 11:28 ang paanyaya ni Cristo sa mga napapagal at nangabibigatan ay, *Lumapit kayo sa Akin at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan*.

Maliwanag sa mga talatang ito ang mga pangako ni Cristo. Ang tanong ay ito: Maniniwala ka ba sa Kanya? Bibigyang halaga mo ba ang mga pangakong ito o babalewalain mo ang mga ito? Samakatuwid, ang mabuting balitang hatid ng mga evangelist-preachers ay ito:

Mayroong kaligtasan sa kamatayan ang makasalanang tao sapagkat isinugo ng Diyos ang Kanyang anak na si Jesus upang magbigay ng buhay na walang hanggan at kapahingahan sa sino mang maniniwala at magtitiwala sa Kanya.

Copyright Conrad Jun Tolosa
Revised: March 20, 2020
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.